Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG BAYAN

RESOLUTION NO. 2025-69

Date of Session : July 28, 2025

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PAGKILALA AT PASASALAMAT SA LAHAT NG **MGA BOLUNTARYONG KAWANI AT IBA PANG INDIBIDUWAL** NA TUMULONG UPANG MAPABILIS ANG PAGTUGON SA PAMAHALAAN NG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN SA PANAHON NG KALAMIDAD NA DULOT NG HABAGAT AT BAGYONG CRISING, DANTE, AT EMONG.

	Receiving Office	Received By: (Print Name & Signature)	Date Received
1	Mayor's Office	[illegible]	9/1/25
2	HRMO	[redacted]	9/1/25
3			
4			
5			
6			

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan

SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG HULYO 28, 2025

MGA DUMALO:

Kgg. Ariel P. Amador — Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

MGA KASANGGUNI

Kgg. Maria Luisa I. Silvestre
Kgg. Juanito H. Santiago
Kgg. Wilfredo D. Diaz
Kgg. Harvey C. Mediante
Kgg. Mary Del Jasa-Aquino
Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano
Kgg. Divina E. Reyes
Kgg. Jessalyn Mahilac-Dela Cruz

MGA EX-OFFICIO

Kgg. Guillermo T. Paraoan Jr. (ABC President)
Kgg. Carlo Gabriel G. Solis (SK Presdient)

KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 69

Itinaguyod ni: Kasangguni Vanessa Valdez-Seminiano

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PAGKILALA AT PASASALAMAT SA LAHAT NG MGA BOLUNTARYONG KAWANI AT IBA PANG INDIBIDUWAL NA TUMULONG UPANG MAPABILIS ANG PAGTUGON NG PAMAHALAAN NG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN SA PANAHON NG KALAMIDAD NA DULOT NG HABAGAT AT BAGYONG CRISING, DANTE, AT EMONG.

SAPAGKAT, nakaranas ng malalakas na ulan at malawakang pagbaha sa iba't ibang lugar sa Bayan ng Marilao sanhi ng habagat na dulot ng Bagyong Crising, Dante at Emong;

SAPAGKAT, maraming mamamayan ang napinsala at nangailangan ng pansamantalang tulong sa kasagsagan ng kalamidad;

SAPAGKAT, nagpaabot ng tulong ang Punong Bayan Atty. Jemina M. Sy sa bawat mamamayan, na kailangan nang mabilisang pagbabalot o pagre-*repack* ng mga relief goods;

SAPAGKAT, bawat relief goods ay inihahatid sa bawat tahanan at *evacuation center* ng mga nasalanta sa nasabing kalamidad;

SAPAGKAT, maraming mga kawani at iba pang indibiduwal ay boluntaryong tumulong upang mapabilis ang pagtugon sa nasabing relief operation;

Kung kaya't sa **MUNGKAHI** ni Kasangguni Vanessa Valdez-Seminiano, na pinangalawahan ni Kgg. Juanito H. Santiago, na sinang-ayunan ng lahat ng dumalong Kasangguni.

PANGKARANIWANG PULONG
KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 69

IPINASIYA gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na pagtibayin ang "KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PAGKILALA AT PAGPAPASALAMAT SA LAHAT NG MGA BOLUNTARYONG KAWANI AT IBA PANG INDIBIDUWAL NA TUMULONG UPANG MAPABILIS ANG PAGTUGON NG PAMAHALAAN NG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN SA PANAHON NG KALAMIDAD NA DULOT NG HABAGAT AT BAGYONG CRISING, DANTE, AT EMONG.

IPINASIYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang lahat ng Pinuno o Tanggapan na may kinalaman dito.

PINAGTIBAY NANG BUONG PAGKAKAISA, ngayong ika-28 ng Hulyo, taong 2025.

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan.

EDGAR P. RAMIREZ
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

ARIEL P. AMADOR
Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

8/29/25